# Himbing na Kuting at iba pang Tula sa Ilalim ng Araw

## Mga Nilalaman

1. Ang Diwata sa Tag-araw
2. Himbing na Kuting (Oda sa aking Dao Ming)
3. Pipipampum (Isang Bugtong)
4. Wag Mangamba Sabi ni Amansinaya
5. Paalam, Itim na Muning
6. Ang Tula sa Tag-araw
7. Hagikhik ng Kamatis sa Batang Maysakit
8. Sa Lumang Bahay na Bato
9. Puting Dingding
10. Sa Tabi ng Dagat
11. Tuwing Undas
12. Oyayi ng Bituin sa Bubwit na Naninimdim

## 1. Ang Diwata sa Tag-araw

"Ssssh..huwag kang maingay,
bumubulong ang mga diwata."
    "A, mamimigay raw ng pakpak na mahiwaga."
"Sumasayaw ang mga dahon ng mangga."
    "Dahil nakaupo sila sa mga sanga."
"Dali, saluhin natin ang mga pakpak."
    "Ingatan nating huwag lumagpak."
"Mararating natin ang bahaghari sa langit!"
    "Mararating ang mga bituing pipikit-pikit!"

Nang may marinig sila:
"Ningning, Laya, meryenda!"
May pang-amoy ang tiyan--
"Parang ginatan at sago't gulaman!"
Umuwi ng bahay ang mga bata.
Walang tinanggap na pakpak---
biyaya ng mga diwata.
Pero mayroong pinapak---
biyaya ng diwata ng kusina.

## 2. Himbing na Kuting (Oda sa Aking Dao Ming)

O, aking kuting
nagkulay putim.
himbing sa sulok
Kuhol na tulog.

gumalagala
nagluksong-pusa,
akyat sa bubong,
huli ka ibon!

sumuot sa lungga
sumunggab ng daga
sa ilalim ng dyip
nagpilit sumiksik.

Lusot sa eskinita
nanlaki, mga mata.
Dibdib kumabog-kabog.
Takbo! kaylaking bulldog.

Layasing kuting,
Naku, nagkulay putim.
Talaga kayang himbing?
O tatakas kung gising?

### 3. Pipipampum (Isang Bugtong)

Sa pagtulog, tanging kakambal
maypipimaypipipampum
may damit na simpula ng pakwan
maybibimaypipipampum
o abokadong luntian
maysisimaypipipampum
o kumpol-kumpol na santan
Maygigimaypipipampum.
o libaging singkamas sa tindahan.
maylilimaypilipampum
o masarsang leche flan.
laydigimaypigipampum.
Mahigpit na yakap
kaydisimaygigipampum
ng batang puno ng pangarap
Maygidimaysigipampum
Kasama sa linamnam at iyak
Laypigimaypipipampum
Puno man ng mapa ng laway
maygipimaypigipampum
Ang pipipampum.

**4. Wag Mangamba Sabi ni Amansinaya**

Agila ang mata ng dagat.
Labahang matalas
ang kanyang tenga.
May ilong na nakaamoy
sa takot ng mga kakaba-kaba.
May dilang nakakalasa ng apdo
ng dibdib na sumisikdo.
Alon ang kanyang balat
Nanghahaplos, nanghahaplas.

Sa pusod ng dagat,
sabi ni Lola,
walang dapat ipangamba
ang mga inapo ni Amansinaya.
Siya ang diyos ng karagatan
na di hahayaang
mapahamak ang mga anak
ng mangingisda't mandaragat.

Sa mata ng dagat,
sabi ni Lolo,
huwag kabahan habang
tumatawid sa kaalatan
Pinakikintab ng araw
ang balat ng dagat
upang sa pusod
manganak ng pag-asang
namumulaklak
ng pulang santan.

**5. Paalam, Itim na Muning**

Babay Muning, uwi na sa Kanyang piling.
Saksakan ng payat at sakdal sa dusing.
Ikaw ba ay tinugis ng mga pulis?
Pabaon nami'y yakap, walang kahambing.
Alay nami'y kalachuchi sa 'yong libing.

Parang buteteng binayaan sa burak.
Parang lamok na walang awang pinakpak.
Palakang karag, naku, pinisat ng trak.
Silang may pusong sing-itim ng imburnal,
Baril nila'y manlalambot, matutunaw.
Siyam pang malas, mag-aabang, kakamras.

O, itim na muning, tuluyang mahimbing
Lahat ng nilikha, may langit na malambing.

**6. Ang Tula sa Tag-araw**

Ang tula ay isang basong
Halo-halo, nagpapawis,
yelong natutunaw.
Pakwang nabiyak
may namumulang laman,
Umaagos sa leeg ang katas.
Siniguelas na makintab.
Nakamamantsang duhat
sa kayumangging balat.
Namamaluktot na kamatsile
Masusungkit sa tabi-tabi.
Madagtang tulad ng kaimito,
Luntiang abokado,
ang nasa gitna ay buto.

Wala siyang jacket o balabal.
Hindi giniginaw.
Nakasuot ng manipis na shorts
at butas na sando,
nakalabas ang braso,
leeg, laman,
nagurlisang balat,
tuyong sugat,
Nangingintab na peklat.

**7. Hagikhik ng Kamatis sa Batang Maysakit**

Hagikhik ng kamatis.
Halakhak ng patatas.
Mainit na sopas.
Kahel na bumuntonghininga.
Wala pa ring panlasa.

Sa labas ng tarangkahan,
Mga hiningang naghahabulan.
Kinakabahan, nagtataguan,
Nagkukurutan, nagsisigawan.
Hahaha hihikhik, hehehe, hihihi
Sa katuwaan, siksikan.

Nakanganga ang pinto
Nagsasalita, ‘wag akong ikandado
Nagyayaya, iwan ang higaan.
Naghihintay, kalyeng maingay.

“Oy, huwag kang lalabas.
May balak kang tumakas?
Wala ka ngang panlasa,
Sa trangkaso, kailangan ng pahinga.
Kailangang kumain ng masustansiya.”

Muling humagikhik ang kamatis.
Muling humalakhak ang patatas.
Bumungisngis ang macaroni, gatas
at carrots na nagsu-swimming
sa sabaw ng sopas.

Sana malakas na ako bukas.

**8. Sa Tabi ng Dagat**
(pasintabi kay Ildefonso Santos)

Sa tabi ng dagat
magkaakbay ang bughaw
at puting bulak.
Tubig ay buhok ng sirenang
Inaalong pilak.

Kahit walang laman
mga batang tiyan
Nagpatintero sa alon
dumadamba't tamatalon
lulukso at uurong.

Nabusog sa tubig-alat,
Natinik ng korales sa dagat,
Sa alon, nahampas,
Tindig-balahibo sa galamay
na mga halaman sa dagat.
Sa buhanginan,
gumawa ng palasyo
May toreng matayog
Tulay na pinatibay
ng bato at patpat.
Kahit pinatag
ng dambuhalang alon,
Hagikhikang saglit.
Ulit nang ulit,
Itatayo nang itatayo
ang palasyong
gumuho man nang gumuho.

Pag-uwi, mga musmos na nakangiti.
Kahit may mga makopang pisngi
'pag hinawakan, mahapdi.
Kahit tumulo ang sanggarapong sipon,
nakainom ng tubig na galon-galon----
Hiling sa dagat ay tapat:
"Sana muling masunog
ang aming balat.
Sana muling mabusog
ng alat at halakhak
sa tabi ng dagat."

**9. Ang Puting Dingding**

Ang puting dingding
na bagong pinta
ay parang papel
na nakatawa.
Kailangang drowingan.
Kailangang kulayan,
gamit ang aking krayola
at charcoal pencil ni Kuya.
Red na gumamela,
Green na papaya,
Blue ang saranggola,
bayabas na may korona,
Bisikletang may busina,
Ano pa kaya?
Ngumangatang kambing
Natutulog na kuting
Naghihilik na buwan.
At ako, kaibigan
ang kumpulan ng mga star
sa kalangitan.

Nay, o, tingnan ninyo.
Si Nanay napanganga.
Nanlaki ang mga mata.
Natulala sa aking pinta.

**10. Sa Lumang Bahay na Bato**

Sa lumang bahay na bato
May nakatirang maligno.
Talagang-talaga, totoong-totoo.
Ihanda natin ang mga sumpit.
Ihanda natin ang mga tirador.
Sugod, mga kapatid!
Ang bahay na bato’y tiradurin.
Ang pintua’y sipain natin.
Ang multo’y ating sumpitin.

Inakupo, bilisan ninyo, takbo!
Hindi pala mumo, kundi si Mang Lino.
Tinamaan sa bumbunang kalbo.
Siya pala ang bantay sa bahay na bato.

Pag-uwi, naroon ang tunay
na katatakutan
May mga matang nandidilat
Parang may pangil na mangangagat
Nagliliyab sa init ang ulo
Parang umuusok na tambutso
Nakupo, nangalisag aming balahibo
Si Nanay, may dalang pambambo.

Nakupo, mga kapatid, atras, atras!
Sugod muli tayo sa bahay na bato.
Humingi tayo ng tunay na patawad
At sana’y di bato, puso ni Mang Lino.

## 11. Tuwing Undas

May
katawan
ako ngunit
Walang ulo.
Kaibigan ko'y
nitso sa semen
teryo. Kung
sa madilim na
gabi, ako'y
patay. Apoy
sa aking
ugat
ang bumubuhay. kung ako ay
iyong muling papatayin,
Ako ay maaaring muling
buhayin). Ako ay walang
bibig ngunit may dila.Wala
akong mata, ngunit lumu
luha. Mahal ko ang aking
kakambal na dilim. Kaibigan
ko rin ang araw na maibigin.
Kasama ko ang nagdarasal
Sa simbahan, kakambal ko
Ang cake sa iyong kaarawan.
Maaari akong maging puti o
itim, maaari ding dilaw, bug
haw o kahel. Kapag undas,
mga bata'y nagsasaya. Luha
ko ay binibilog, binobola sa
ilalim man ng araw o sa gabi'y
sa tanglaw ng aking ilaw. Pag
katapos ng undas, luha ko ay
ilalabas. Sa sahig na walang
Kintab, ako ay gagawing floorwax.

## 12. Oyayi ng Bituin sa Bubwit na Naninimdim

May bangkang naglayag sa pusod ng dagat.
Namukadkad noon, sinag ng liwanag,
Mga bubwit sa kanya ay kumakaway
Iyak ay naiwan sa dalampasigan.

Sa gabi, isinasayaw ng amihan,
Bangkang nakikipaglaro ng taguan
sa maririkit na bituin at buwan
habang lumalangoy, matipunong sagwan.

Dumating ang nakapapasong tagtuyot,
Sumilay, nakangiting sinag ng buwan.
Dumating ang bumubuhos na tag-ulan,
Namaluktot naman, araw sa higaan.

Ilang tulog ang lumipas.
Ilang buwan ang kumaripas.
Walang bangkang namataan sa daungan.
Alon lamang ang nasa dalampasigan.

Minsan ay talagang nakakikilabot
ang dagat sa kaniyang matinding poot.
May bangkang nahuhulog, nalulunod
sa kanyang malalim at kumukulong pusod.

Hayaang tumulo sa pisngi ang ulan.
Hayaang alat ng dagat, mahugasan.
Hayaang palitan ng sikat ng araw.
At malalaman mong walang lumilisan.

Kaibigang bubwit, huwag maghihinanakit.
Minsa'y naglalayag ang bangka sa karagatan.
Minsa'y sumasagwan patungong kalawakan.
Siya'y tulad na naming bitwing maririkit.
Tanglaw at gabay mong nagmula sa langit.